

 <b>PhilHealth</b> <i>Your Partner in Health</i>	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0008</b>
	<b>Title</b>	<b>Implementing Guidelines on the Case Rates for Neonatal Sepsis</b>


<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
<b>1. Ano ang layunin ng polisiyang ito?</b>	<p>Para maipatupad and tamang case rate para sa Neonatal Sepsis at matiyak ang kalidad ng serbisyong medikal na ibinibigay ng mga accredited health facilities.</p> <p>Ang sepsis at iba pang nakakahawang kondisyon ng bagong panganak ay kasama bilang pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga bagong panganak sa Pilipinas.</p> <p>Ayon sa World Health Organization (WHO), ang neonatal sepsis ay dahilan ng 3 sa 10 neonatal na pagkamatay. Ito ay nagdudulot ng seryosong banta sa kalusugan at kapakanan ng mga Pilipinong sanggol at kanilang pamilya, mga health professionals, at kabuuang sistemang pangkalusugan ng bansa.</p>
<b>2. Paano babayaran ang benepisyo para sa neonatal sepsis at ano ang mga nakapaloob dito?</b>	<p>Ito ay babayaran sa pamamagitan ng case-based payment. Sakop nito ang mga kaukulang serbisyong dapat ibigay ng ospital batay sa basic o ward accommodation at ang minimum standards ng pangangalaga sa pasyenteng may neonatal sepsis. Babayaran ng PhilHealth ang buong halaga ayon sa nakalathalang halaga na P25,793.</p>
<b>3. Ano ang co-payment o ang out-of-pocket expense?</b>	<p>Halagang sagot ng pasyente/miyembro para sa mga serbisyong lagpas sa nakatakdang case rate katulad ng pag-a-upgrade ng kwarto mula sa basic ward/accommodation, mga gamot na wala sa Philippine National Formulary (PNF), mga laboratory test o imaging na walang kaugnayan sa pagma-manage ng neonatal sepsis, at pagpili ng doktor. Ang mga ito ay lalabas na co-payment o out-of-pocket expense na sasagutin ng pasyente/miyembro.</p>
<b>4. Ano ang mga serbisyong hindi sakop ng pagbabayad ng benepisyo neonatal sepsis?</b>	<p>Mga karagdagang serbisyo na lagpas sa minimum standards of care kagaya ng amenities, pagpili ng sariling doctor, at iba pang karagdagang serbisyong hindi kailangan sa paggamot ng neonatal sepsis.</p>
<b>5. Ano ang mga kailangang ihanda ng health facilities para maibigay ang naaayon na serbisyong medikal</b>	<p>Dapat siguruhin ng mga ospital na mayroon silang stock ng essential at life-saving medicines at supplies, diagnostic services, o laboratories sa lahat ng pagkakataon para maibigay ang de-kalidad na serbisyong medikal sa pasyente.</p>

 <b>PhilHealth</b> <i>Your Partner in Health</i>	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0008</b>
	<b>Title</b>	<b>Implementing Guidelines on the Case Rates for Neonatal Sepsis</b>

Tanong	Sagot																		
<b>para sa kondisyong ito?</b>																			
<b>6. Mababayaran ba ng PhilHealth ang professional fee (PF) ng mga doktor?</b>	Kasama sa inpatient package na ibabayad ng PhilHealth sa ospital ang PF ng mga doktor. Ang claim reimbursement ay direktang ibabayad sa hospital at responsibilidad nito ang pamamahagi ng PF sa mga attending physicians, o health workers sa government hospitals, base sa kanilang kasunduan at proseso.																		
<b>7. Ano ang kahalagahan ng ICD10 codes sa polisiya</b>	Ito ang magsisilbing gabay ng mga Health Facility (HF) para mai-code ng tama ang claims at maibigay ang akmang benepisyo ng pasyente.																		
<b>8. Magkano ang benepisyo para sa neonatal sepsis?</b>	<p>Ipinapakita ng table sa ibaba ang kaukulang rates para sa neonatal sepsis, kasama ang mga kaukulang ICD10 codes at deskripsyon ng kundisyon.</p> <table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse;"> <thead> <tr> <th style="text-align: center;">ICD-10 Code</th> <th style="text-align: center;">Description</th> <th style="text-align: center;">Package Rate (Php)</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td style="text-align: center;">P36.0</td> <td>Sepsis of newborn due to streptococcus, group B</td> <td rowspan="7" style="text-align: center; vertical-align: middle;"><b>25,793</b></td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">P36.1</td> <td>Sepsis of newborn due to other and unspecified streptococci</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">P36.2</td> <td>Sepsis of newborn due to Staphylococcus aureus</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">P36.3</td> <td>Sepsis of newborn due to other and unspecified staphylococci</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">P36.4</td> <td>Sepsis of newborn due to Escherichia Coli</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">P36.5</td> <td>Sepsis of newborn due to anaerobes</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">P36.8</td> <td>Other bacterial sepsis of</td> </tr> </tbody> </table>	ICD-10 Code	Description	Package Rate (Php)	P36.0	Sepsis of newborn due to streptococcus, group B	<b>25,793</b>	P36.1	Sepsis of newborn due to other and unspecified streptococci	P36.2	Sepsis of newborn due to Staphylococcus aureus	P36.3	Sepsis of newborn due to other and unspecified staphylococci	P36.4	Sepsis of newborn due to Escherichia Coli	P36.5	Sepsis of newborn due to anaerobes	P36.8	Other bacterial sepsis of
ICD-10 Code	Description	Package Rate (Php)																	
P36.0	Sepsis of newborn due to streptococcus, group B	<b>25,793</b>																	
P36.1	Sepsis of newborn due to other and unspecified streptococci																		
P36.2	Sepsis of newborn due to Staphylococcus aureus																		
P36.3	Sepsis of newborn due to other and unspecified staphylococci																		
P36.4	Sepsis of newborn due to Escherichia Coli																		
P36.5	Sepsis of newborn due to anaerobes																		
P36.8	Other bacterial sepsis of																		

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0008</b>
	<b>Title</b>	<b>Implementing Guidelines on the Case Rates for Neonatal Sepsis</b>

Tanong	Sagot									
	<table border="1"> <tr> <td></td> <td>newborn</td> <td></td> </tr> <tr> <td>P36.9</td> <td>Bacterial sepsis of newborn, unspecified</td> <td></td> </tr> <tr> <td>P37.5</td> <td>Neonatal Candidiasis</td> <td></td> </tr> </table>		newborn		P36.9	Bacterial sepsis of newborn, unspecified		P37.5	Neonatal Candidiasis	
	newborn									
P36.9	Bacterial sepsis of newborn, unspecified									
P37.5	Neonatal Candidiasis									
<b>9. Ano ang mga karagdagang dokumento na kailangang isumite para maka-claim ng benepisyo?</b>	Ang claim para sa neonatal sepsis ay dapat na may kalakip na resulta ng blood culture na positibo sa bacteria na dahilan ng pagkakaroon ng neonatal sepsis									
<b>10. Paano kung negatibo ang resulta ng blood culture?</b>	Kailangang isumite sa PhilHealth ang mga resulta ng laboratory test kagaya ng Complete Blood Count (CBC) at C-reactive Protein (CRP) na ginawa habang naka-confine ang pasyente.									
<b>11. Mababayaran ba ang kondisyong ito para sa confinement abroad?</b>	Oo, base sa natitirang balanse na hindi covered ng ibang insurance ngunit hindi lagpas sa halaga ng case rate na nakasaad sa polisiya.									
<b>12. Mababayaran din ba ang mga ospital na walang kapasidad na magbigay ng serbisyong medikal para sa neonatal sepsis?</b>	<p>Kung ang pasyente ay ginamot sa mas mababang antas na pasilidad tulad ng mga primary care facility (PCF), infirmaries, at mga dispensary, babayaran sila ng PhilHealth gamit ang orihinal na rate na nagkakahalaga P11,700 na sasailalim sa pre-payment audit.</p> <p>Ang mga accredited HF sa GIDA (Geographically Isolated and Disadvantaged Areas) at mga PCF na walang kakayahang kumuha ng blood culture, CBC at CRP para maayos na ma-diagnose ang pasyente para sa neonatal sepsis, o base lang sa mga klinikal na palatandaan at sintomas ng pasyente sa background ng neonatal risk factor (ibig sabihin, prematurity, napakababa ng timbang ng kapanganakan, maternal intrapartum fever, chorioamnionitis, atbp.) ay magkakaroon ng reimbursement rate na Php11,700 na sasailalim sa pre-payment audit.</p> <p>Dapat idetalye ng HF sa CF4 ang kumpletong kasaysayan, kabilang ang kasaysayan ng ina, pisikal na pagsusuri, at nauugnay na kurso sa ward.</p>									

 <b>PhilHealth</b> <i>Your Partner in Health</i>	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2024-0008</b>
	<b>Title</b>	<b>Implementing Guidelines on the Case Rates for Neonatal Sepsis</b>

Tanong	Sagot
<b>13. Maari bang maging pangalawang case rate ang neonatal sepsis?</b>	Hindi. Gayunpaman, kung ang neonatal sepsis ay may 2nd case rate, ito ay babayaran gamit ang kasalukuyang mga panuntunan ng pagbabayad.
<b>14. Maaring bang mag-claim ng bagong benepisyo ang mga pasyenteng nanatili sa ospital ng hindi lagpas sa 24 oras?</b>	<p>Ang mga pasyenteng na-admit at namatay nang walang 24 oras na confinement ay maaari pa ring makagamit ng benepisyo sa halagang Php5,200 (Resuscitation Package)</p> <p>Samantala, ang mga pasyenteng na-admit at may disposisyong napabuti ang kundisyon o “improved” ngunit hindi umabot sa 24 oras ang confinement ay hindi makagagamit ng benepisyo.</p>
<b>15. Kailan magagamit ang bagong benefit package ng neonatal sepsis?</b>	Magagamit ito ng mga pasyenteng na-admit simula May 1, 2024.